Republic of the Philippines
Department of Education
CORDILLERA ADMINISTRATIVE REGION
SCHOOLS DIVISION OF BAGUIO CITY

DepED DIVISION OFFICE BAGUIO CITY
RELEASED
OCT 02 2023
By:
Time: 10:39 CTRL No.:

September 29, 2023

DIVISION MEMORANDUM
No. 385-2023

**DIVISION SUBMISSION OF STORYBOOKS FOR THE GAWAD TEODORA ALONSO 2023**

To: CID Chief Education Supervisor
Education Program Supervisors and Public Schools District Supervisors
Public School Heads
CID-LRMS Staff
Teachers and School LRMS Coordinators
All Others Concerned

1. In reference to the recently Regional Memo No. 551 S. 2023, this is to inform everyone concerned regarding the conduct of Regional Competition on the Gawad Teodora Alonso 2023. Enclosed is the official guidelines and mechanics, required documents and essential standards.

2. The said competition aims to:
   a. appreciate the role of stories and illustrated storybooks as tools in the development of reading and of learning curricular content standards;

   b. harvest original stories that demonstrate learning competencies of the K to 10 MATATAG Curriculum.

   c. recognize the skills and talents of classroom teachers, non-teaching personnel, education leaders, and learners in the production of storybook for basic education; and

   d. contribute to the treasury of content materials for utilization as reading resources and transformation to engaging media.

3. The harvesting program is open to classroom teachers and non-teaching personnel with special categories dedicated to education leaders and learners. The qualifications are outlined in the annexes.

4. Deadline of submission of entries shall be on **October 6, 2023.** Judging of the manuscripts and wordless storybooks shall be announced on the incoming memorandums.

    - Submit entries in a **white A4 folder** with a label of the Category, Grade level, School, District and Creator Name in **front** of the folder.

    Specifications for the submission are following:

| | |
|---|---|
| Category 1, Category 2, Category 4<br>Category 5, Category 6 | Font Style: Bookman Old Style or Garamond<br>Font Size: 12 pt<br>Spacing: Double<br>Margins: 1" each size<br>* Title should be 14 font size, bold<br>* Competency to be included at the footnote, flushed right, italicized. |
| Category 3 | Please refer to the specifications in the Regional Memo No. 551 S. 2023 or DepEd Memo No. 56 S .2023 |

** a sample of the manuscript is attached to this memo.*

5. For clarifications and queries, kindly contact or coordinate with any LRMS Staff or thru the messenger group chat for school LR Coordinators.

6. Immediate and wide dissemination of this memorandum is highly appreciated.

**SORAYA T. FACULO PhD, CESO VI**
*Schools Division Superintendent*

# TITLE: SI TILA AT POLKA

Si Tila ay isang isda na kabilang sa mga lahi ng tilapia. Gustong-gusto niyang mamasyal sa iba't –ibang lugar gaya ng sapa, ilog at lawa.

Isang araw ay napadpad si Tila sa damuhan sa may gilid ng sapa. Mayroon siyang napansin na kumikinang na mga bagay na hugis bilog at kulay dilaw.

Nabighani siya sa ganda ng mga ito.

"Ano kayang uri ng nilalang sila?" tanong ni Tila. "Sino kaya ang nag-iwan sa kanila?"

"Para silang mga kumikinang na ginto", sabi ni Tila.

Buong hapon na binantayan niya ang mga ito.

Naisip ni Tila na kailangan niyang umuwi dahil malayo pa ang kanyang uuwian.

"Babalikan ko kayo", ang sabi ni Tila.

Pagkalipas ng ilang araw ay bumalik si Tila sa gilid ng sapa upang tingnan muli ang mga hugis bilog na nakita niya sa damuhan.

Nagulat siya na wala na ang mga ito sa kanilang kinalalagyan. Sinubukan ni TIla na maghanap sa mga paligid ngunit iba ang kanyang nakita. Mga maliliit na isda na may mahahabang buntot ang nakita niyang lumalangoy sa paligid.

Lumapit ang isa sa mga maliliit na isda at nagpakilala kay Tila.

"Ako po si Polka. Sino po ba ang hinahanap ninyo?" tanong ni Polka.

"May hinahanap kasi akong mga bagay na hugis bilog at kulay dilaw", sabi ni Tila.

This manuscript is a property of the Department of Education, Schools Division of Baguio City, Copyright 2023
Unauthorized copying, distributing, reproducing of this learning resource whether physical or digital is prohibited.

“Kami po ang mga iyon”, sagot ni Polka. “Dati ay mga itlog kami.” “Noong napisa na kami ay naging ganito na ang hitsura namin.”

“Maliliit na itlog pala ang mga nakita ko noon”, sagot ni Tila.

“Maraming salamat sa pagbabantay sa amin” sabi ni Polka. “Maaari ba kitang maging kaibigan?”, tanong ni Polka.

“Aba, siyempre naman”, sagot ni Tila. Naghahanap nga ako ng kaibigan.”

Mula noon ay magkasama silang naglalaro at nagkukuwentuhan. Pareho nilang hilig ang mamasyal sa sapa, ilog at lawa.

Sa pagdaan ng mga araw ay unti-unting lumalaki si Tila at Polka. Naiiba nga lang si Polka dahil sa kaniyang mahabang  buntot at nagkaroon pa siya ng dalawang maliliit na paa.

Nanatili ang pagkakaibigan nila Tila at Polka. Lalong tumibay ang kanilang samahan sa pagdaan ng mga araw.

Hanggang isang araw ay biglang naglaho si Polka. Nagtaka si Tila kung saan pumunta ang kanyang kaibigan.

“Nasaan na kaya si Polka?”, nag-aalalang tanong ni Tila.

Pabalik-balik si Tila doon sa sapa kung saan sila madalas maglaro ngunit hindi pa rin niya makita si Polka.

Labis ang kalungkutang nadarama ni Tila lalo na at wala na siyang kalaro at kakwentuhan.

Minsan ay napapaiyak si Tila sa tuwing naaalala niya ang masasayang araw na magkasama sila ni Polka. Ipinagdarasal din niya ang kaligtasan ng kaniyang kaibigan.

Isang araw ay bumalik si Tila sa gilid ng sapa. Sinubukan niyang mag-abang sa kanyang kaibigan. Sa di-kalayuan, bigla siyang may narinig na ingay.

This manuscript is a property of the Department of Education, Schools Division of Baguio City, Copyright 2023
Unauthorized copying, distributing, reproducing of this learning resource whether physical or digital is prohibited.

“Kokak! Kokak! Kokak!”

Dahan-dahan na lumapit si Tila doon sa kinaroroonan ng ingay.

“Sino ka at anong ginagawa mo dito?” tanong ni Tila.

“Ako si Polka, ang matalik mong kaibigan.”

“Hindi ikaw si Polka”, sagot ni Tila. “Ang kaibigan ko ay may buntot, ikaw ay wala.”

“Ang laki pa ng mga mata mo, pati tiyan mo.” “At bakit ang haba ng dila mo?” tanong ni Tila.

Ipinaliwang ni Polka sa kaniyang kaibigan ang mga pagbabago sa kanyang sarili katulad ng pagkawala ng kaniyang buntot at pagkakaroon ng apat na paa. Sinabi din niya na kailangan niyang umahon mula sa tubig at pumunta sa lupa upang makapaghanap ng pagkain. Ang mahaba at makapit niyang dila ang kanyang ginagamit sa paghuli ng pagkain gaya ng mga insekto.

“Ako ay isa ng ganap na palaka”, sabi ni Polka. “Ako ay isang ***amphibian.***” “Isang uri ng hayop na maaaring manirahan sa tubig at lupa,” paliwanag ni Polka.

“Sana ay tanggapin mo ako muli bilang kaibigan kahit ganito ang aking anyo,” pakiusap ni Polka.

“Naiintindihan kita.” Sagot ni Tila.

“Nagbago man ang iyong kaanyuan ngunit hindi nagbago ang pagtingin ko sa iyo bilang isang kaibigan.” “Masaya ako dahil bumalik ka at nagpakita ka sa akin,” sabi ni Tila.

“Maraming salamat sa pagtanggap mo sa akin bilang isang palaka”, sabi ni Polka.

**Most Essential Learning Competency:**
***Science 3 II, 1.2, 7.1***
*Name an animal that can live on land and in water*
*Describe the life cycle of animals*

This manuscript is a property of the Department of Education, Schools Division of Baguio City, Copyright 2023
Unauthorized copying, distributing, reproducing of this learning resource whether physical or digital is prohibited.